Providence

# Ang Iyong mga Karapatan.  Ang Aming mga Responsibilidad.

---

**Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at kung paano mo maa-access ang impormasyong ito. Pakisuri itong mabuti.**

## Ang Iyong mga Karapatan

May karapatan kang:

- Kumuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na rekord
- Itama ang iyong papel o elektronikong medikal na rekord
- Humiling ng kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan
- Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyon na ginagamit o ibinabahagi namin
- Kumuha ng listahan ng impormasyon kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon tungkol sa iyo
- Kumuha ng kopya ng abisong ito ukol sa pagkapribado
- Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo
- Magsampa ng reklamo kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado

## Ang Iyong mga Pagpipilian

Mayroon kang ilang pagpipilian tungkol sa paraan ng paggamit at pamamahagi namin ng impormasyon habang:

- Sinasabi namin sa pamilya at mga kaibigan ang tungkol sa iyong kondisyon
- Nagbibigay kami ng tulong kapag may sakuna
- Isinasama ka namin sa directory ng ospital
- Nagbibigay kami ng pangangalaga para sa mental na kalusugan
- Nangangalap kami ng pondo

- Nakikillahok kami sa (Mga) Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange(s), HIEs)

**Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat**

Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo habang:

- Ginagamot ka namin
- Pinatatakbo namin ang aming organisasyon
- Sinisingil ka namin para sa iyong mga serbisyo
- Tumutulong kami sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan
- Nagsasagawa kami ng pananaliksik
- Sumusunod kami sa batas
- Tumutugon kami sa mga kahilingan sa pag-donate ng organ at tissue
- Nakikipagtulungan kami sa medikal na tagasuri o tagapangasiwa sa punerarya
- Tinutugunan namin ang mga kahilingan ng bayad para sa manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng gobyerno
- Tumutugon kami sa mga demanda at legal na aksyon

## Ang Iyong mga Karapatan

**Pagdating sa impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, mayroon kang ilang partikular na karapatan.**

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang iyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad para matulungan ka. Para magamit ang anuman sa mga karapatang ito, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa dulo ng abisong ito.

**Kumuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na rekord**

- Puwede mong hilingin na makita o makakuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na rekord at iba pang impormasyon sa kalusugan na taglay namin tungkol sa iyo. Maaari mong hilingin sa amin na magpadala ng elektronikong kopya ng iyong elektronikong medikal na rekord sa isang tao na pinili mo. Magtanong sa amin kung paano ito gagawin.

- Magbibigay kami ng kopya o buod ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, kadalasan nang sa loob ng 30 araw mula ng humiling ka, maliban na lang kung ang limitadong batayan ng pagtanggi sa pag-access ay nalalapat. Maaari kaming maningil ng makatuwirang bayarin na ibinatay sa mga gastusin.

**Hilingin sa amin na itama ang iyong papel o elektronikong medikal na rekord**

- Puwede mong hilingin sa amin na itama ang impormasyon tungkol sa iyo na sa palagay mo ay mali o kulang. Magtanong sa amin kung paano ito gagawin.
- Maaari kaming magsabi ng “hindi” sa iyong kahilingan, pero sasabihin namin sa iyo kung bakit sa pamamagitan ng sulat.
- Kahit na magsabi kami ng "hindi" sa iyong kahilingan, maaari kang magkaroon ng karapatang magsumite ng nakasulat na karagdagang dokumento sa iyong rekord tungkol sa impormasyon na sa palagay mo ay kulang o hindi tumpak. Magtanong sa amin kung paano ito gagawin.

**Humiling ng kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan**

- Puwede mong hilingin sa amin na makipag-ugnayan kami sa iyo sa epesipikong paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng sulat sa iyo sa ibang address.
- Maaari kaming magsabi ng “oo” sa lahat ng makatuwirang kahilingan.

**Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyon na ginagamit o ibinabahagi namin**

- Maaari mong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyon para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga operasyon. Hindi kami inaatasang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari kaming magsabi ng “hindi,” gaya ng kung maaapektuhan nito ang iyong pangangalaga.
- Kung binayaran mo nang buo galing sa sarili mong bulsa ang serbisyo o item ng pangangalagang pangkalusugan, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi sa iyong tagaseguro ng kalusugan ang impormasyon na iyon para sa layunin ng pagbabayad o sa aming operasyon.

Magsasabi kami ng “oo” maliban kung iniaatas ng batas na ibahagi ang impormasyong iyon.

**Kumuha ng listahan ng mga indibidwal kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan**

- Puwede kang humingi ng listahan (accounting) kung ilang beses namin ibinahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng paghingi mo nito, kung kanino namin ito ibinahagi, at bakit.
- Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban ang tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan, at ang ilan pang mga pagsisiwalat (gaya ng anumang hiniling mo na gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting kada taon nang libre pero maniningil kami ng makatuwirang bayarin na ibinatay sa mga gastusin kung hihiling ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

**Kumuha ng kopya ng abisong ito ukol sa pagkapribado**

- Maaari kang humingi ng papel na kopya ng abisong ito anumang oras, kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang abisong ito sa elektronikong paraan. Magbibigay agad kami ng papel na kopya.

**Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo**

- Kung binigyan mo ang isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abugado o kung ang isang tao ay ang iyong legal na tagapangalaga, maaaring gamitin ng taong ito ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa impormasyon na pinananatili namin tungkol sa iyo.
- Sisiguruhin namin na may ganitong awtoridad ang taong ito at makakakilos siya para sa iyo bago kami magsagawa ng anumang aksyon.

**Magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado**

- Maaari kang magreklamo kung sa palagay mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa dulo ng abisong to.
- Puwede kang maghain ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights.
- Hindi kami maghihiganti laban sa iyo dahil sa pagsasampa mo ng reklamo.

**Ang Iyong mga Pagpipilian**

**Para sa ilang partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga kagustuhan tungkol sa ibinabahagi namin.** Kung mayroon kang malinaw na kagustuhan kung paano namin ibinabahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa mga sitwasyong inilalarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang gusto mong gawin namin, at susundin namin ang iyong mga tagubilin sa pangkalahatan.

Sa mga kasong ito, pareho mong tinataglay ang karapatan at pagpapasiya na sabihin sa amin na:

- Ibahagi ang iyong impormasyon sa iyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang sangkot sa iyong pangangalaga
- Ibahagi ang impormasyon sa sitwasyon ng pagtulong kapag may sakuna
- Isama ang impormasyon tungkol sa iyo sa directory ng ospital

*Kung hindi mo masasabi sa amin ang iyong kagusutuhan, halimbawa kung ikaw ay walang malay, maaari naming gawin ang pamamahagi ng impormasyon tungkol sa iyo kung naniniwala kami na ito ang pinakamabuti para sa iyo. Maaari din naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo kapag kinakailangan upang mabawasan ang malubha at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.*

Sa mga kasong ito, hinding-hindi namin ibabahagi ang impormasyon tungkol sa iyo maliban kung binigyan mo kami ng nakasulat na pahintulot:

Providence

- Mga layunin ng pagbebenta (kung saan ang aktibidad ay tinutukoy na “marketing o pagbebenta” sa ilalim ng batas sa pagkapribado ng impormasyon sa kalusugan na tinatawag na Batas ukol sa Paglilipat at Pananagutan ng Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act) o kilala rin bilang “HIPAA”)
- Pagbebenta ng impormasyon tungkol sa iyo (kung saan ang aktibidad ay tinutukoy na “pagbebenta ng protektadong impormasyon sa kalusugan” sa ilalim ng HIPAA)
- Karamihan sa pamamahagi ng mga itinala tungkol sa psychotherapy

Sa kaso ng pangangalap ng pondo:

- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo may kinalaman sa pangangalap ng pondo, pero puwede mong sabihin sa amin na huwag ka nang tawagan ulit.

Sa kaso ng paglahok namin sa panloob na (Mga) Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange(s), HIEs) at panlabas na mga network ng HIE:

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa elektronikong paraan sa iba pang mga organisasyon.
- Ang indibidwal na impormasyong nangangailangan ng pinirmahan mong pahintulot para mailabas sa pamamagitan ng HIE ay hindi magiging available sa isang HIE nang wala ang iyong pahintulot, maliban kung inaatasan kami ng batas na isumite ang impormasyon tungkol sa iyo.
- Kung ayaw mong ibahagi sa ganitong paraan ang impormasyon tungkol sa iyo, puwede kang mag-opt out sa: https://www.provshare.org/health-information-exchange/for-patients/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin nang libre sa (833)-990-1900. Kung mag-o-opt out ka, maaaring hingin ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang impormasyon tungkol sa iyo sa ibang paraan sa halip na i-access ang impormasyon sa pamamagitan ng HIE.

## Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat

## Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan?

Karaniwan nang ginagamit o ibinabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo sa sumusunod na mga paraan.

### Ginagamot ka namin

Ginagamit namin ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at ibinabahagi namin ito sa iba pang propesyonal na gumagamot sa iyo o tumutulong sa paggamot sa iyo.

*Halimbawa: Isang doktor na gumagamot sa pinsala mo ang nagtanong sa isa pang doktor tungkol sa pangkalahatang kondisyon ng iyong kalusugan.*

### Pinatatakbo namin ang aming organisasyon

Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan para mapatakbo at mapangasiwaan ang aming organisasyon.

*Mga halimbawa: Ginagamit namin ang impormasyon tungkol sa iyo para suriin at mapabuti ang kalidad ng aming mga serbisyo sa paggamot, mai-coordinate ang iyong pangangalaga sa iba pang propesyonal, magbigay ng serbisyo sa kostumer, at mangalap ng pondo para sa kapakinabangan ng aming organisasyon.*

### Sinisingil ka namin para sa iyong mga serbisyo

Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan para maningil at tumanggap ng bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang entidad.

*Halimbawa: Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo sa iyong plano ng segurong pangkalusugan upang magbayad ito para sa iyong mga serbisyo.*

### Mga operasyon ng organisadong mga kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan

Sa ilalim ng organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan (organized health care arrangement, OHCA), maaaring ibahagi sa isa't isa ng

mga miyembro ng medikal na kawani ng aming mga ospital at kaanib na mga propesyonal sa kalusugan ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan kung kinakailangan para maisagawa ang paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa OHCA.

## Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan?

Pinahihintulutan o inaatasan kami na ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa iba pang mga paraan – kadalasan ay sa mga paraan na makakapag-ambag sa kapakanan ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Dapat naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo para sa ganitong mga layunin. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html

### Tumutulong kami sa mga isyu sa pampublikong kalusugan at kaligtasan

Maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:

- Pag-iwas sa sakit
- Pagtulong sa mga pagbawi ng produkto
- Pag-uulat ng masasamang reaksiyon sa mga gamot
- Pag-uulat ng hinihinalang pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan
- Pag-iwas o pagbabawas ng malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

### Pagsasagawa ng pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo para sa pananaliksik sa kalusugan.

### Sumusunod kami sa batas

Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung iniaatas ito ng mga batas sa estado o pederal na batas, kabilang ang sa Department of Health and Human Services kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.

Providence

**Tumutugon kami sa mga kahilingan sa pag-donate ng organ at tissue**

Maaari naming ibahagi sa mga organisasyon ng organ procurement ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan.

**Nakikipagtulungan kami sa medikal na tagasuri o tagapangasiwa sa punerarya**

Ang impormasyon sa kalusugan ay maaari naming ibahagi sa mediko-legal, medikal na tagasuri, o tagapangasiwa sa punerarya kapag namatay ang indibidwal

**Tinutugunan namin ang mga kahilingan ng bayad para sa manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng gobyerno**

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan:

- Para sa mga claim ng bayad ng mga manggagawa
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o isang opisyal na tagapagpatupad ng batas
- Sa mga nangangasiwang ahensya para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas
- Para sa espesyal na aktibidad ng gobyerno gaya ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyong pamprotekta sa pangulo

**Tumutugon kami sa mga demanda at legal na aksyon**

Maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan bilang tugon sa utos ng korte o administratibong utos, o bilang tugon sa isang subpoena.

**Mga Service Provider**

Maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa mga service provider na tumutulong sa amin at may mga kontraktuwal na obligasyon para ingatan ang impormasyon.

**Impormasyon na Hindi Makikilala**

Providence

Maaari naming gamitin ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan para gumawa ng impormasyon na hindi makikilala. Ito ay impormasyon na sumailalim sa matinding proseso para maging napakaliit ng panganib na makilala ka dahil sa impormasyon. Kung minsan, ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pag-aalis sa 18 kategorya ng indibidwal na pagkakakilanlan na tinukoy sa pederal na mga regulasyon ng HIPAA, gaya ng pag-aalis ng pangalan, Social Security number, petsa ng kapanganakan, address at zip code. Sa ibang pagkakataon, maaari naming italaga ang eksperto sa estadistika para propesyonal na tukuyin na napakaliit ng panganib na makikilala ka ng isang taong gumagamit ng impormasyon. Kapag hindi na makikilala ang impormasyon sa kalusugan alinsunod sa HIPAA, maaari naming gamitin o ibahagi ito para sa iba't ibang layunin, gaya ng pananaliksik o pagbuo ng mga bagong teknolohiya sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari kaming tumanggap ng bayad para sa impormasyon na hindi makikilala.

## Mga Espesyal na Kategorya ng Medikal na Impormasyon

Susunod kami sa mga pederal at pang-estadong batas na nag-aalok ng mga karagdagang proteksyon na higit pa sa saklaw ng abisong ito kaugnay ng impormasyong tungkol sa iyo gaya ng mga impormasong may kinalaman sa mga paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa mental/panggawi na kalusugan, paggamit ng bawal na gamot at labis na pag-inom ng alak, mga pagpapasuri sa HIV at genetic na pagpapasuri.

## Mga Partikular na Kinakailangan ng ng Estado

Ang ilang estado ay may mga batas sa pagkapribado na maaaring maglapat ng karagdagang proteksyon sa mga paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon sa kalusugan. Kung mas mahigpit ang batas sa pagkapribado ng estado kaysa sa inilarawan sa abisong ito tungkol sa paraan ng paggamit o pagbabahagi namin ng impormasyon tungkol sa iyo, susundin namin ang nalalapat na batas ng estado.

## Ang Aming mga Responsibilidad

- **Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan.**

Providence

- **Sasabihan ka namin agad kung sakaling may mangyaring paglabag at malamang na nakompromiso ang pagkapribado o seguridad ng impormasyon tungkol sa iyo.**
- **Kailangan naming sundin ang mga tungkulin at kasanayan sa pagkapribado na inilarawan sa abisong ito.**
- **Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang impormasyon tungkol sa iyo bukod sa inilarawan dito maliban kung sabihin mo ito sa amin sa pamamagitan ng pagsulat. Kung sinabihan mo kami na puwede namin itong gawin, maaari kang magbago ng isip anumang oras. Ipaalam sa amin nang nakasulat kung nagbago ka ng isip.**

**Para sa higit pang impotmasyon, tingnan ang:**
www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.

## Mga Pagbabago sa mga Tuntunin ng Abisong ito

Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at mailalapat ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyon na taglay namin tungkol sa iyo. Magiging available ang bagong paunawa kapag hiniling at sa aming website.

## Paglalapat sa Abisong ito

Ginamit namin sa abisong ito ang mga terminong “kami,” “namin,” at “amin” para ilarawan ang Providence, isang non-profit na organisasyon. Inilalarawan ng paunawa ang mga gawain namin at ng:

- Sinumang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na awtorisadong maglagay ng iyong impormasyon sa iyong rekord.
- Lahat ng departamento at yunit.
- Sinumang miyembro ng nagboluntaryong grupo na pinayagan naming tumulong sa iyo.
- Lahat ng empleyado, kawani, at iba pang tauhan.
- Ang aming Kaanib na Sakop na Entidad (Affiliated Covered Entities, ACE) na nasa ilalim ng pagmamay-ari o kontrol ng Providence, o kung hindi man ay kaanib ng Providence.
- Mga miyembro ng medikal na kawani ng aming mga ospital at kaanib na propesyonal sa kalusugan sa ilalim ng organisadong kaayusan sa

pangangalagang pangkalusugan (OHCA) kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa mga pasilidad ng Providence.

Nalalapat ang abisong ito para sa mga serbisyo sa delivery site ng pangangalagang pangkalusugan na pagmamay-ari ng Providence at ng Affiliated Covered Entities na nasa ilalim ng karaniwang pagmamay-ari o kontrol ng Providence.

Ang karagdagang impormasyon na nauugnay sa mga organisasyon na susunod sa abisong ito, kasama ang lahat ng provider na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa publiko sa lahat ng delivery site nito, ay matatagpuan sa https://www.providence.org/

**Kaugnayan sa mga Pahintulot at Kahilingan sa ilalim ng Pederal at Pang-estadong mga Batas sa Medikal na Pagkapribado**

Layunin ng abisong ito ukol sa mga gawain para sa pagkapribado na magbigay sa iyo ng paliwanag tungkol sa iyong mga karapatan sa medikal na pagkapribado at sa aming mga responsibilidad sa wika na simple at madaling maintindihan. Lubhang masalimuot ang mismong mga batas na namamahala sa medikal na pagkapribado. Para mas madaling mabasa, binuod ng abisong ito ang aming mga obligasyon at hindi isinama ang bawat legal na pagbubukod na maaaring ilapat. Kung hindi namin isinama ang mga pagbubukod na available sa ilalim ng batas, hindi dapat basahin ang abisong ito para imungkahi na hindi nailalapat ang mga pagbubukod. Hindi layunin ng Providence na makagawa ang abisong ito ng mas malalaking obligasyon o paghihigpit sa Providence kaysa sa mga iniaatas ng batas.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Providence Privacy Office Integrity Hotline Number: 1-888-294-8455

1801 Lind Avenue SW, Suite 9016

Renton, WA 98057-9016